Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

File

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-6 NG OKTUBRE, 2011 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Eduardo C. Aceron | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Leonardo A. Andallon | - | -do- |
| Kgg. Juan L. Salas, Sr. | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Klean Rose F. Borbon | - | SK Fed. President |
| Kgg. Virgelio M. Astillo | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

**HINDI NAKADALO:**

Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. - Konsehal

x---------------------------------------------------------x

## KAUTUSAN BLG. 11 - 10- 119

**KAUTUSANG NAGBABAWAL PUMUTOL AT BUMILI NG BAKAWAN SA NASASAKUPAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA WALANG KAUKULANG PERMIT SA REGIONAL OFFICE NG DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES (DENR)**

**May-Akda: Kgg. Eduardo C. Aceron**
**Pangalawang May-Akda: Kgg. Gideon B. Abuel**

Ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ay nagtatakda at umaatas ng mga sumusunod:

**SEKSIYON 1.** Ang lahat ay pinagbabawalang pumutol ng bakawan sa nasasakupan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ng walang kaukulang Permit sa Regional Office of Department of Environment and Natural Resources (DENR);

**SEK. 2**. Ang sinumang tao, grupo o samahan ay pinagbabawalang pumutol ng bakawan para gawing bakod, gawing uling, gawing komersiyal o negosyo at iba pang bagay na paggagamitan nito na walang kaukulang Permit sa Regional Office ng DENR;

**SEK. 3.** Ang sinumang lumabag sa alituntunin ng Kautusang ito ay magmumulta ng mga sumusunod:

Sa pumutol ng bakawan at nagbenta nito:

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | - | Php 1,500.00 |
| Ikalawang Paglabag | - | 2,000.00 |

Scanned with CamScanner

Sa bumili ng bakawan:

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | - | Php 1,500.00 |
| Ikalawang Paglabag | - | 2,000.00 |

**SEK. 4.** Ang sinumang tao, grupo, samahan, korporasyon na lumabag ng tatlong (3) beses sa Kautusang ito ay magmumulta ng halagang Dalawang Libo at Limang Daang Piso (Php2,500.00) at sasampahan pa ng Hepe ng Pulisya at CENRO ng kaso sa paglabag sa PD 705 as amended at iba pang Batas na may kaugnayan dito;

**SEK. 5.** Ang Pambayang Ingat-Yaman ng Bulalacao o kanyang Kinatawan nito ang maniningil at magreresibo sa bawat multa na nakasaad sa nasabing Kautusan;

**SEK. 6.** Ang lahat ng Ordinansa ng Barangay at ng Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro na salungat sa Kautusang nabanggit ay pinapawalang bisa na;

**SEK. 7.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos mapagtibay na may sampung (10) araw na pagpapatalastas;

**ISINABATAS** ngayong ika-6 ng Oktubre, 2011 sa Bulalacao Silangang Mindoro.

---

**EDUARDO C. ACERON**
Konsehal

**GIDEON B.ABUEL**
Konsehal

**EMELITA A. OSORIO**
Konsehal

**LEONARDO A. ANDALLON**
Konsehal

**JUAN L. SALAS, SR.**
Konsehal

**SENEN C. FAMILARA**
Konsehal

**RAMON G. MAGBANUA**
Konsehal

**KLEAN ROSE F. BORBON**
SK Fed. President

**VIRGELIO M. ASTILLO**
Pangulo, Liga ng mga Brgy.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SIXTO O. BARRIENTOS**
**Kalihim ng Sanggunian**

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**ENGR. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 10-28-2011

111026/SOB/jpc

2021.05.25 15:31

Scanned with CamScanner